H
E
K
A
S
I
5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# HANAPBUHAY NG MGA NINUNO


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.


This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE V

# HANAPBUHAY NG MGA NINUNO

## ALAMIN MO


Kagubatan


Kapatagan


Ilog/Karagatan

Pagmasdan mo ang mga likas na yaman. Ano ang masasabi mo?

Naging mahalaga sa pamumuhay ng mga unang Pilipino ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa. Ang mga likas na yamang matatagpuan sa kanilang kapaligiran ang naging batayan ng uri ng kanilang hanapbuhay.

Sa modyul na ito, matututuhan mo kung gaano kahalaga sa mga ninuno ang pinagkukunang-yaman sa kanilang hanapbuhay.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang pag-aaral sa bagong aralin, magbalik-aral ka muna.

Panuto : Suriin ang mga sumusunod, kopyahin mo ang likas na yaman sa iyong notebook.

| | | | |
|---|---|---|---|
| hipon | ginto | sapatos | alimango |
| bulaklak | katol | pilak | karbon |
| damit | bahay | silya | puno |
| palay | mangga | manganese | coral |
| aparador | narra | computer | TV |

## PAG-ARALAN MO


Naging mahalaga sa pamumuhay ng mga unang Pilipino ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa. Ang mga yamang natatagpuan sa kanilang kapaligiran ang naging batayan ng uri ng kanilang hanapbuhay.



Ang mga unang Pilipino na nakatira sa tabi ng ilog at dagat ay pangingisda ang ikinabubuhay. Nakahuhuli sila rito ng iba't-ibang uri ng isda. Karaniwang ginagamit nila ang sibat, salakab, bingwit, buslo at lambat. Bukod sa panghuhuli ng isda, ang mga unang Pilipino ay nanguha rin ng mga kabibi at halamang dagat, ang iba naman ay nanisid ng perlas. Ginamit nila itong pamalit sa mga kalakal ng mga mandarayuhang Tsino, Hapon at Arabe.

Ginagamit din ng mga unang Pilipino ang mga ilog at dagat bilang daungan.

Sa ngayon ang Maynila, Cebu at Butuan sa Mindanao ang sentro ng kalakalan sa tabi ng dagat.



Ang malawak na kapatagan ay ginagamit ng mga unang Pilipino sa pagsasaka. Binungkal nila ang lupa sa pamamagitan ng araro at suyod na hila-hila ng kalabaw. Unti-unting umunlad ang paraan ng kanilang pagsasaka.

Sa lawak ng lupain, nagtanim sila ng halamang-ugat tulad ng kamote, gabi at ube, bukod sa mga gulay.

Ang mga taga-lambak tulad ng mga Bisaya at Ilokano ay nagtanim ng tubo, niyog, abaka, bulak at saging. May mga tanim ring punongkahoy tulad ng mangga, langka, santol, papaya, bayabas, sampalok at iba't-ibang uri ng kawayan.

Sa kabundukan sa Banawe, gumawa ang mga Ifugao ng hagdang-hagdang taniman.

Ang tanim na bulak ng mga ninuno ay isa sa mahalagang tanim. Hinabi nila ang bulak at ginamit nila sa paggawa ng mga kasuotan.



Ang isa pang paraan ng pagsasaka ay ang pagkakaingin. Ginamit nila ang maliliit na lupain sa paligid ng burol. Ang kaingin ay ang pagputol at pagsunog ng mga puno sa gubat. Kapag malinis na ang lugar ay tinatamnan nila ito ng palay o mais. Sinasaboy nila ang binhi o kaya ay hinuhulog ang mga buto sa mga hukay na binutas ng pinatulis na kawayan o sanga ng kahoy.



Ang mga malalaking punongkahoy sa kagubatan ay napakinabangan din ng ating mga ninuno. Ginamit nila ito sa paggawa ng bahay at iba pang mga kagamitang yari sa kahoy.

Nangaso ang iba pang nanirahan sa kagubatan at kabundukan. Naging sagana sila sa pagkain, sapagkat alam nilang gamitin ang mga pananim sa kagubatan. Natuklasan din nila ang mga tanim na maaaring kainin, gamot sa mga sakit, damit at sandata. Mayroon din silang natuklasang iba't-ibang

bungangkahoy, goma at yantok. Ang kanilang natuklasan ay nagsilbing malaking tulong sa pamumuhay.


Natuto rin silang magmina. Ang ilan sa kanilang namina ay ginto, pilak, tanso at bakal. Ginamit nila ito bilang alahas, kutsilyo at sandata.

Tanong: Anong uri ng hanapbuhay ang tinutukoy ng mga sumusunod: Isulat mo ang sagot sa bawat bilang sa iyong kuwadernong sagutan.

1. ______ panghuhuli ng mga mailap na hayop sa kagubatan
2. ______ paghuhukay ng mga ginto, pilak at tanso
3. ______ pamumutol ng malalaking punongkahoy para gawing bahay
4. ______ pangunguha ng mga lamang dagat
5. ______ pagkakaingin at pagtatanim

## PAGSANAYAN MO

Panuto: Pag-aralan mo ang graphic organizer. Anu-ano ang mga hanapbuhay ng mga ninuno na ginamit ang likas na yaman?



## TANDAAN MO

Mahalaga ang mga pinagkukunang yaman sa hanapbuhay ng mga unang Pilipino.

## ISAPUSO MO


Basahin mo ang pangungusap sa ibaba at sagutin mo ang kasunod na tanong.

Ang pag-unlad ng bansa ay nakasalalay sa wastong paggamit ng likas na yaman na siyang pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga Pilipino. Paano mo napapanatili ang likas na yaman ng bansa? Magbigay ng mga mungkahi ng pagpapanatili at pangangalaga nito.

## GAWIN MO

Pagmasdan mo ang nakalarawan sa pahina 7? Kung patuloy na ganito ang pamamaraan ng pangingisda. Ano na ang mangyayari sa ating karagatan? Sa ating mangingisda?

Isulat mo ang kasagutan sa iyong kuwadernong sagutan.




## PAGTATAYA

A. Panuto: Tingnan mo ang tsart sa ibaba. Ilagay mo ang kahalagahan ng mga likas na yaman sa hanapbuhay ng mga ninuno. Ang unang bilang ay magsisilbing halimbawa. Isulat mo ang iyong sagot sa kuwadernong sagutan.

| Likas na Yaman | Hanapbuhay |
|---|---|
| 1. ilog, dagat | pangingisda |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |

B. Panuto: Isulat ang W kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at DW kung di wasto.

_______1. Ang likas na yaman ay mahalaga sa kabuhayan ng bansa.

_______2. Kanais-nais na gawain sa kagubatan ang pagkakaingin.

_______3. Dapat nating gamitin ang mga likas na yaman sa matalinong pamamaraan.


_______4. Upang makahuli ng maraming isda kailangang gumamit ng dinamita.

_______5. Ang pagkasira ng kagubatan ay dahilan ng pagkaubos ng mga hayop at iba sa gubat.

## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

A. Bukod sa natutuhan mong mga hanapbuhay ng mga unang Pilipino, magsaliksik ng iba pang impormasyon kung paano nabuhay ang mga unang Pilipino.

B. Gumawa ka ng slogan sa tamang pangangalaga sa likas na yaman.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.